**ANAP noong ika-19 ng Pebrero 2010 ang isa sa pinakamakasaysayang o sa politika na naganap sa San Sebastian College Recoletos-Cavite nang agsama-sama ang ilan sa posibleng maging lider sa Lunsod at Lalawigan Cavite matapos ang pinakaabangang Halalan 2010. Dumating ang mga kan-to sa pagka-Gobernador na sina Trece Martirez Mayor Jun de Sagun, da- Bise-Gobernador na si Jonvic Remulla at si Board Member Recto Cantim-an na kumatawan kay Vice-Governor Osboy Campana (dahil nagluluksa ng huli sa pagkamatay ng ina). Kasama sina Tito Angcanan, Resty Enri-z, Ohmee Ramos, Ben Rusit at Tim Encarnacion.**

Sa harap ng mga estudanyante, simpleng mamamayan, media at lider-pama-an, sinagot ng mga nagsidalong kandidato ang ilan sa mga napapanahong ng kinakaharap ng Lunsod at Lalawigan.

Layunin ng nasabing gawain ang makilala at makilatis ng bayanan ang mga tumatakbong kandidato nang sa on ay makatulong ang nasabing aktibidad para sa mas isa at impormadong pagpapasya.

Narito ang ilan sa naging tampok na pagpapahayag.

**DR. ENRIQUEZ:**

Unang-una ako ay nagpapasalamat sa San Sebatian-oletos sa pag-organisa ng ganitong talakayan dahil pamamagitan lamang nito ay mapapahayag natin ang g damdamin sa ating mga kababayan. Alam nyo po aking Programa de Gobyerno ay panglimang beses na itong isinisigaw sa bayan. Dahil hindi ako nabigyan pagkakataon na magwagi sa labanan. Kaya nga, ito ay g-limang beses ko ng laban. Sa edad na sinkwenta pa ang ay lumalaban na ako, ngayon ay sitenta-anyos na . Hindi ako nagsasawang lumaban sapagkat inis ang aking hangarin.

Ang aking plataporma de gobyerno ay pang-ng beses ko na pong sasabihin sa lahat sulok ng Cavite. Pangkabuhayan para ahat nang umalis dito ang Sangley nt ay biglang bumagsak ang eko-iiya ng lungsod ng Cavite. Kung ito ang ay mabibigyang prioridad upang ging isang Industrial Zone.

Pangkalusugan

Ako ay isang manggagamot kaila-n ay magkaroon ng sapat na pondo a sa gamot at sa kalusugan ng lahat mamamayan ng lungsod ng Cavite.

Pang-Edukasyon

Hindi na kailangan pa nating gkariton upang mabigyan lamang ng at na edukasyon ang lahat ng mahi-p. Ang kailangan natin ay ang iangat aramihin ang lahat ng Daycare Cen-

Pangkatahimikan

Dito sa lungsod ng Cavite simula pa g ng buwan ng Enero ng taong ito ay ng-isa na ang nababaril. Mabuti na g ang dalawa ay maswerteng nabu-. Hindi mahuli kung sino ang pumatay. ng kausapin ko ang hepe ng ulisan ng Cavite, ang sabi nila, 30 s lamang ang ini-isyu ng lokal na yerno sa amin kaya hindi kaagad kami makapag-responde. Kaya nga po ako hindi nagsasawa. Kahit ako ay talo ng talo, laban ako ng laban. Alam nyo po si ng pangulong Abraham Lincoln ay walong beses siyang natalo bago siya ing pangulo ng Amerika. Subalit huwag ninyo namang gawin sa akin ang ito dahil ako ay matanda na.

**OMEE RAMOS:**

Sadyang nakalulungkot ang katotohanan na ang lungsod ng Cavite ay pro-ed po ng 106,088 hectares. Ang 30% na nakatira pa sa baybaying dagat at ang dito ay nangunguha ng kanilang makakanin upang sila ay mabuhay.

Ang ating lungsod ay napaka-liit. Wala na tayong maidadagdag sa lungsod Cavite sapagkat tayo ay napaliligiran ng dagat.

Kailangan nating bigyan ng espasyo ang ating lungsod. Kailangan natin ng susing pag-aaral para sa tumpak na pagpaplano at implimentasyon.

Ano ba ang potensyal na kalakasan? Una mayroon tayong look na tinatawag ng Bacoor Bay, Manila Bay at Cañaco Bay na dapat nating gamiting sa pang-aan, mapatupad natin ng modern, teknolohiya sa Aqua Farming sa Bacoor. gtatayo tayo ng Commercial Import sa Manila Bay at sa ikalawa, sa makasay-ang Cañaco Bay ay gagawin nating tourism, historical at cultural kaakibat nito ang pagtatayo ng Replika ng Wall of Porta Vaga.

Hindi ko man maitaas ang antas ng ating lungsod ng Cavite mula sa pagig-1st Class city ay naging 4th Class City sa panahon ng aking panunungkulan. balit ako ay determinado na matupad ang aking pananaw. Naitaguyod ko ang nisan at kaayusan na muli nating ibalik ang dating imahe ng Cavite na isa sa a-malinis na lungsod ng Cavite.

Itataguyod ko rin ang kooperatiba sa bawat brgy. sa ating lungsod. Ang Fort

halaan. Subalit, marahil ako ay nangangailangan ng sapat at tug upang magampanan kong lahat ang mga ito.

**BEN RUSIT:**

Hindi po ako pulitikong tao subalit may anak akong pulitiko. May programa para sa ating lungsod ng Cavite. Para po sa akin, ang s unlad ng isang munisipyo o lungsod ay nasa uri ng pagkatao ng hindi sa dami o populasyon ng lungsod.

Naniniwala po ako, upang maibalik natin ang dating tikas ng at dapat pagtuunan ng pansin ang mga sumusunod.

Unang-una po, ekonomiya. Ako po ay isang negosyante kaya ak la sa pagpapahalaga sa lahat ng negosyong legal. Sinasabi nil lungsod ay iisa lang ang pasukan at labasan. Ang karagatan po na ating lungsod ay isang malaking kalsada patungo Ito ang advantage at disadvantage noong unang dagat ang ginagawang daanan ng kalakalan. Ku noon ay mas lalong magagawa natin ito ngayon pat upang magbigay lamang tayo ng limos sa m nating mahihirap, bagkus sila ay tulungan nating

Pangalawa ay ang Edukasyon ang susi sa isang bayan. Kaya kayong mag-aaral na na maniwala sa kahalagahan ng edukasyon. ay hindi maging mangmang ang mga tao

Pangatlo ang kalusugan. Sisikapin po roon ng Health Benefits Program o He Program ang ating lungsod kung saan dar hon ay hindi na sila mahihirapan kumuha sakali mang sila ay magkakasakit.

Pang-Apat, Kapayapaan

Walang mamumuhunan sa lungsod k payapaan. Mahalaga po ang kapayapa langan magsimula ito sa ating sarili

**DE SAGUN:**

Alam nyo ang San Sebastia mahal ko, dahil sampung-taon dito, ang apat na taon working student ako.

Alam nyo pokung wa ko sa lungsod gagawin ko rin sa la vite. Walang sugal at niniwala ako na kap gal at droga ay ma ang bayan. Ang u walay ng mag- sugal at ang dr

Noong ako lan sa Trece a ay iisa.

Ginawan k upang ang mg ang maayos aral kay

Ginawa k roon din po tay at Provincial H sa aking Chie lahat ng nagka gang makulong ay kaibigan, kapatid o kumpare basta nagkamali dapat ikulong "A ng Chief of Police, dito lamang ako nakaramdam ng tunay na puli ng aking hepe.

Kaya po doon sa amin sa Trece ay maayos ang peace and o nagpakulong ng Brgy. Captain. Dapat ay parehas, susunod ang pamamalakad mo ay parehas. Wala pong nagagalit sa akin dahil droga sa Trece.

Tingnan po niyo kung ano na ang Trece ngayon kumpara no ninyo ang ating dagat napakaraming illegal fishing kaya ang m ding patitigilin. Kapag malinis ang dagat, malinis din ang mama

Nakikita na natin kung ano ang epekto ng global warming nga init, sobra ang baha. Ang dating ilog ngayon ay tinirikan na ng kaya tuloy nagbabaha.

Kung sino man ang manalo dito sa Cavite City ay pupunta tulungan ang lunsod ng Cavite City upang bumalik ang sigla ng

Tingnan po ninyo kung ano na ang Trece ngayon kumpara no ninyo ang ating dagat napakaraming illegal fishing kaya ang mg ding patitigilin. Kapag malinis ang dagat, malinis din ang mama

Nakikita na natin kung ano ang nangyayari sa Global Warmin ang init, sobra ang baha. Ang dating ilog ngayon tinitirhan na, ka

Kung sino man ang manalo dito sa Cavite City ay pupunta tulungan ang lungsod ng Cavite City, upang bumalik ang sigla ng

**JONVIC REMULLA:**

Pare-pareho lamang ang ating sinasabi dito sa entablado. P ating hangarin. Noong ako po ay nag-aaral sa UP-Diliman, sabi sa



ULAT NINA SID SAMANIEGO, OBET CATALAN AT LESLIE DEYPARIN (DIYARYO PATROL)

# DEBATE SA BASTE

## DEBATE SA BASTE... MULA SA PAHINA 6

Ang Cavite City ang sentro ng ating lalawigan noon subalit ngayon ay panghuli na. Ang kailangan natin ay ang Education System upang mapaunlad ang isang lungsod.

Pumunta kayo sa Bacolod, nagkalat ang mga call center, subalit dito sa atin ay apat lamang, kaya sa bawat maraming kabitenyo na nag-aantay sa call center ay lilima lang ang natatanggap dahil sa kakulangan ng Language Skills. Kapag may sapat na kaalaman ang tao siguradong may sapat ding trabahong naghihintay.

**RECTO CANTIMBUHAN:**

Sa mga oras na ito ay nagdadalamhati ang ating Bise-Gobernador, kaya hayaan ninyong ipaalam sa inyo ang kanyang agenda.

Una ang peace and order, traffic management, environmental management, entrepreneurship, health care services, housing development, youth and sport development.

Ang Cavite ay malaki ang potensyal na maging una sa anumang kalakaran.

Narinig na nating ang kung anu-anong pangako sa bawat eleksyon. Ang kai-langan natin ay ang political will. Ang kailangan ay ang magaling na lider na magpapatupad ng mga platapormang ito, na may mahusay na katangian bilang isang lider.

**ATTY ENCARNACION:**

Hayaan nyong ibahagi ko sa inyo ang naging karanasan ko sa pakikihalubilo sa iba't ibang samahan, ahensya at institusyon dito sa Pilipinas at sa iba pang bansa. Ang bayan natin ay kailangan ang sama-samang pagkilos ng mga mamamayan at pamahalaan, kasama ng iba't ibang samahan at institusyon...ito ang natutunan ko. Ang halalan ay isang sagradong tungkulin ng mga mamamay-an upang ipaglaban ang kanyang karapatan at kumatawan sa kanyang tinig. Sang-ayon ako sa sinasabi ng CBCP na magkaroon ng principled politics nang sa gayon ay magkaroon ng tunay na demokrasya. Kaya naman, alam ko, kasama ng mga kapwa ko kandidato, handa kaming tumugon sa hamon ng malinis na halalalan. Mas mahalaga ang pag-unlad sa ng tao kesa sa politika. Hindi ko lang inihahain ang aking sarili sa paglilingkod ngunit para na rin sa pagsusulong ng aking mga adbokasiya.

Napatunayan ko na ang aking kakayahan sa ating bayan. Hangad ko pa rin ang mapayapa, maunlad, progresibong syudad. Kinilala at pinarangalan ang ating pagsusumikap na matupad ang dakilang misyon at bisyon sa Lunsod ng Cavite. Ngunit marami pa ring dapat gawin. At ito ang ating isusulong ngayon. Kaunlaran at hanapbuhay. Kapayapaan, kaayusan at katarungan. Kalusugan at palakasan. Kalinisan at kagandahan. Kaalaman at karunungan. Kasaysayan at kultura. Kasama dyan ang kumbersyon ng Sangley Point para magkaroon ng maraming trabaho ang mga taga-Cavite. Tulay at daan, Mula Kawit hanggang Sangley Point. Magkaroon ng commercial area upang lalong sumigla ang kalaka-kan at kabuhayan.

Dagdagan ang kapulisan sa Cavite City, kasama dyan ang mga mobile ve-hicles at iba pang kakailanganin ng kapulisan upang matupad ang kanilang tungkulin. Maghanap ng pondo upang mapagawa ang Cavite Hall of Justice nang mapabilis at mapadali ang trabaho ng mga taga-Hall of Justice. Magpagawa ng mga overpass sa palengke at san Sebastian College. Magtalaga ng permanen-teng tagapaglinis sa bawat barangay nang matiyak ang kalinisan ng bawat lugar. Paglikha ng sports commission at palagiang pagsasagawa ng palaro at palakasan. Magkaroon ng permanenteng lying-in at pagpaparami ng mga health centers.

**ANGCANAN:**

Sa tuwina lamang may eleksyon, ipinapangako na magkaroon ng internatio-nal container port at pagawaan sa lunsod. Pero ano ba talaga ang kayang gawin sa loob ng 3 taon? Paano ba talaga mababago ang kalagayan ng ating mga kababayan? Kailangan ng mabilis at praktikal na solusyon. Kinakailangang magtayo ng maliliit na industriya sa palibot ng Lunsod ng Cavite gaya ng nangya-yari ngayon sa Bulacan. Hindi lang ito mabenta sa lokal na merkado ngunit nailu-luwas din ito sa ibang bansa. Kailangan lang turuan at tulungan ang mga kaba-bayan nating lumikha at hukayatin ang mga kababayan at dayuhang mamumu-hunan. Kayang kaya natin ito.

Pinatunayan ng aking serbisyo ang kalidad ng aking trabaho. Tinuruan ako ng mahaba kong karanasan sa serbisyo publiko ng tapang at katapatan. Maraming sensitibong posisyon ang nahawakan ko sa serbisyo. At nabigyang pansin ang aking nagawa sa pamamagitan ng ilang plake at pagkilala. Ang pamumuno ay likas sa akin. Napatunayan ko na ito sa mahaba-habang paglilingkod sa bayan.